REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-191

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG PAGKAKAROON NG PAMPAMAYANANG DALUBHASAAN/KOLEHIYO NG MUNTINLUPA (MUNTINLUPA COMMUNITY COLLEGE).

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, sa isang lumalaking pamayanan tulad ng Bayan ng Muntinlupa ay nararapat na magkaroon ng dalubhasaan/kolehiyo para sa dumaraming mga mag-aaral na nagsisipagtapos sa mga mataas na paaralan/sekondarya nito;

SAPAGKAT, nararapat na bigyan ng pagpapahalaga ng pamahalaang bayan ang mga kabataan na siyang huhubog ng ating bayan sa kinabukasan;

SAPAGKAT, ang may tinapos na kurso sa kolehiyo ang isang susi sa madaling paghahanap ng hanapbuhay at mabisang daan ninuman para sa pansariling kaunlaran;

SAPAGKAT, lubhang dumarami ang mga kabataan sa Muntinlupa na nakatapos sa mataas na paaralan/sekondarya subali't hindi makapagpatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo dulot ng kahirapan;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng dalubhasaan/kolehiyo sa Bayan ng Muntinlupa na magkakaloob ng iba't-ibang kurso sa mababang halaga na maihahambing sa mga kilalang pamantasan ay malaking tulong sa mga taga-Muntinlupa na hindi na kailangang mag-ibang bayan pa upang makapag-aral kung ang antas ng pagtuturo naman ay kayang pantayan ng Pampamayanang Dalubhasaan ng Muntinlupa

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng sariling dalubhasaan sa Bayan ng Muntinlupa ay malaking kaluwagan at kaginhawahan sa mga mag-aaral lalo na sa mga magulang dahil sa matitipid sa pasahe at iba pang gastusin at malaking tulong na rin sa kalusugan ng mga mag-aaral na maaaring maapektuhan kung bibiyahe araw-araw papuntang paaralan na nasa ibang bayan/siyudad;

SAPAGKAT, tungkulin ng pamahalaang bayan na magkaloob ng mabuting edukasyon sa kanyang nasasakupan sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga institusyong pangkaalaman tulad ng Pampamayanang Dalubhasaan ng Muntinlupa na may kuwalidad at mataas na antas ng pagtuturo.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



NGAYON , DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na pinagtitibay ang pagkakaroon ng pampamayanang dalubhasaan/kolehiyo ng Muntinlupa (Muntinlupa Community College).

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang natatanging pulong na ginanap ngayong ika29 ng Mayo 1991 sa Multi-Purpose People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pnag. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G.TENSUAN
Konsehal

Kgg.ALEJANDO L. MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. ROLANDO L. DIAZ
Konsehal

Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim